**PANTAO**
**(International Journal of the Humanities and Social Sciences)**
**Volume 5, Issue 3**
**ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Experiences of teacher board passers: Towards the development of a proposed LET reviewer in Filipino

**Marie Grace H. Pagcanlungan***
La Consolacion University, R. Palma St., Malolos, Bulacan, Philippines

ABSTRACT

This study aimed to examine the experiences of teachers who passed the Licensure Examination for Teachers (LET) with a major in Filipino, as a basis for developing a proposed LET reviewer written in the Filipino language. The researcher employed an Exploratory Sequential Mixed Methods Design, beginning with a qualitative phase through semi-structured interviews with seven LET passers to determine their experiences with the review process, examination content, the curriculum of their alma mater, and their experiences with teachers who provided LET review in Filipino at their respective universities. Based on the data gathered, a proposed LET reviewer in Filipino was developed, and in the second phase, a quantitative survey was conducted in which three experts assessed the validity and quality of the developed reviewer using a researcher-made questionnaire. The study found that most participants relied on the use of materials such as books and other reading resources as their primary review method, while some attended review centers and used YouTube videos. Most of them reported experiencing insufficient time for preparation, and the examination content centered on topics in language, literature, and research. It was also found that most participants did not receive adequate guidance or review sessions from teachers at their universities. In the experts' evaluation, the developed reviewer obtained an overall weighted mean of 3.64 for content and 3.72 for structure, organization, and overall effectiveness, both interpreted as strongly agree. The results indicate that the use of appropriate materials, sufficient preparation time, and a well-organized reviewer written in Filipino play an important role in increasing teachers' chances of passing the LET.

Keywords: Licensure Examination for Teachers, Filipino LET reviewer, experiences of passing teachers.

Date Submitted: July 8, 2026
Date Accepted: July 13, 2026
Date Published: August 6, 2026

---

*Corresponding author / Email: pagcanlungangrace@gmail.com
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031430

Recommended citation:
Pagcanlungan, M. G. H. (2026). Experiences of teacher board passers: Towards the development of a proposed LET reviewer in Filipino. Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (3), 2812-2830. http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031430

# Danas ng mga gurong pasado sa board: Tungo sa pagbuo ng mungkahing LET rebyuwer sa Filipino

**Marie Grace H. Pagcanlungan**
La Consolacion University, R. Palma St., Malolos, Bulacan, Philippines

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga karanasan ng mga gurong pumasa sa Licensure Examination for Teachers (LET) sa medyor sa Filipino, bilang batayan sa pagbuo ng isang mungkahing LET rebyuwer sa wikang Filipino. Gumamit ang mananaliksik ng Exploratory Sequential Mixed Methods Design, kung saan sinimulan ang pag-aaral sa qualitative phase sa pamamagitan ng semi-structured na panayam sa pitong LET passer upang matukoy ang kanilang mga karanasan sa proseso ng pagrerebyu, nilalaman ng eksaminasyon, kurikulum ng kanilang pinagtapusang pamantasan, at karanasan sa mga gurong nagbigay ng LET rebyu sa Filipino. Batay sa mga datos na nakalap, binuo ang mungkahing LET rebyuwer sa Filipino, at sa ikalawang yugto, isinagawa ang quantitative phase kung saan tatlong eksperto ang tumaya sa bisa at kalidad ng nabuong rebyuwer gamit ang isang self-made na talatanungan. Natuklasan sa pag-aaral na karamihan sa mga kalahok ay umasa sa paggamit ng mga materyales tulad ng libro at babasahin bilang pangunahing paraan ng pagrerebyu, habang ilan naman ang nakilahok sa review center at gumamit ng mga video sa YouTube. Karamihan sa kanila ay nakaranas ng kakulangan sa oras sa paghahanda, at umikot ang nilalaman ng eksaminasyon sa mga paksang wika, panitikan, at pananaliksik. Lumitaw din na karamihan sa mga kalahok ay hindi nakatanggap ng sapat na gabay o rebyu mula sa mga guro sa kanilang pamantasan. Sa ebalwasyon ng mga eksperto, nakakuha ang nabuong rebyuwer ng kabuuang weighted mean na 3.64 sa nilalaman at 3.72 sa estruktura, organisasyon, at kabuuang bisa, kapwa may berbal na interpretasyong lubos na sumasang-ayon. Ipinapakita ng mga resulta na ang paggamit ng angkop na mga materyales, sapat na oras sa paghahanda, at isang maayos na organisadong rebyuwer sa Filipino ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng tsansa ng mga guro na pumasa sa LET.

Susing salita: Licensure Examination for Teachers, LET rebyuwer sa Filipino, danas ng mga gurong pasado

## PANIMULA

Ang Licensure Examination for Teachers (LET) ay isang mahalagang pagsusulit para sa mga nagnais maging lisensyadong guro sa Pilipinas. Isinagawa ito ng Professional Regulation Commission (PRC) upang tiyakin na ang mga papasok sa larangan ng pagtuturo ay may sapat na kaalaman at kasanayan, ayon sa itinakdang pamantayan ng batas. Nakaangkla ito sa Republic Act No. 7836, o ang Philippine Teachers Professionalization Act of 1994, na may layuning itaas ang antas ng propesyon ng pagtuturo. Pinalawak pa ito ng Republic Act No. 9293, na nagbigay-daan sa mga nagtapos sa iba't ibang kurso na makapasok sa propesyong ito.

Sa kabila ng mga batas at patakarang ito, nananatili ang hamon ng mababang antas ng pagpasa sa LET. Ayon sa ulat ng PRC, mula 2014 hanggang 2017, nasa 48.86% lamang ang karaniwang passing rate sa LET. Noong Setyembre 2024, umabot lamang sa 45.51% ang mga pumasa sa elementarya at 56.88% sa sekondarya (PRC, 2024). Malinaw na may malaking agwat sa pagitan ng mga natutunan sa kolehiyo at sa mga kinakailangan upang makapasa sa LET. Ayon kay Macayan et al. (2023), isa sa mga dahilan ng mababang pagpasa ay ang hindi pag-angkop ng mga ginagamit na LET reviewer sa aktwal na nilalaman at pormat ng pagsusulit.

Batay sa pag-aaral nina Ilagan at Quinto (2022), maraming mag-aaral ang umaasa sa mga review center at mga sariling gawaing pag-aaral, ngunit hindi lahat ay nakatanggap ng sapat na paghanda, lalo na sa bahagi ng Professional Education at Specialized Subjects. Bukod dito, mahalaga ang papel ng wika sa pag-unawa ng mga materyales sa pag-aaral. Iminungkahi ni De Guzman (2022), ang mga materyales sa Filipino ay mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral, kaya't ang pagkakaroon ng mga LET reviewer sa wikang Filipino ay nakakatulong sa paglinang ng mas malalim na pagkatuto.

Sa kasalukuyan, maraming LET reviewer sa merkado, ngunit ayon kay Santos at Cruz (2023), marami pa rin ang hindi tumutugma sa bagong competency-based framework ng LET. Marami sa mga kumuha ng LET ang nahihirapan sa time management, pag-unawa sa mga situational questions, at pamamahala ng kaba sa araw ng pagsusulit. Dahil dito, mahalagang pag-aralan ang aktuwal na karanasan ng mga pumasa sa LET upang matukoy ang mga epektibong estratehiya sa paghahanda.

Bukod dito, mahalagang isaalang-alang ang mga personal na danas ng mga gurong kumuha na ng LET. Batay sa mga datos ng pananaliksik, maraming guro ang nagbahagi na ang kanilang proseso ng paghahanda ay pinaghalong self-review at pagsali sa review centers, na nakadepende sa kakayahan nilang maglaan ng oras at access sa mga materyales (Delos Santos et al., 2021). Nabanggit ng ilang passer na malaking tulong ang structured reviewer materials na malinaw ang layunin, may sapat na practice exams, at nakaangkla sa competencies ng LET (Magtalas & Pascual, 2022).

Samantala, may ilan ding guro ang nagsabing nakaranas sila ng mga hamon sa pagrebyu, gaya ng kakulangan sa oras, hindi sapat ang mga naituro sa kolehiyo ukol sa mga espesipikong paksa ng LET, at kulang sa exposure sa mga analitikal na tanong (Santos & Javier, 2022). Lumitaw rin sa mga salaysay na ang ilang reviewer ay hindi nakasulat sa wikang Filipino, kaya naging hadlang ito sa pag-unawa ng mga konsepto, lalo na sa bahagi ng Professional Education at Filipino Major (Flores & Cruz, 2023).

Dagdag pa rito, lumitaw rin sa mga kwento ng mga kalahok na ang mismong karanasan sa araw ng LET ay puno ng kaba, at maraming tanong ang mas mataas ang antas ng pag-iisip kaysa sa kanilang inasahan (Guerrero & Marasigan, 2021). Sa mga pumasa, binigyang-diin nila na ang consistent na pagsasanay sa mga practice test at pagbuo ng sariling estratehiya ang naging susi sa kanilang tagumpay (Santos et al., 2024).

Layunin ng pananaliksik na ito na makabuo ng isang komprehensibong LET reviewer sa wikang Filipino at nakatuon sa major sa Filipino, na nakabatay sa mga tunay na karanasan ng mga examinee. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang paghahanda, emosyonal na kalagayan, at mga estratehiya sa pag-aaral, inasahang mapabuti ang kalidad ng mga materyales para sa mga susunod na kukuha ng LET.

Ang pag-aaral na ito ay nagbigay rin ng mga konkretong rekomendasyon para sa mag-aaral, guro, at mga mananaliksik. Sa huli, inaasahang makakatulong ito sa pagpataas ng passing rate at sa pagpanday ng mas may kakayahan at mas mahusay na mga guro sa Pilipinas.

Paglalahad ng suliranin

Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang mga karanasan ng mga kumuha at nakapasa sa Licensure Examination for Teachers (LET) upang makabuo ng isang mabisang LET rebyuwer na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan. Layunin din nitong tukuyin ang mga aspeto ng paghahanda, nilalaman ng pagsusulit, kaugnayan ng kurikulum sa LET, at karanasan sa gurong tagapagrebyu ng LET sa Filipino sa kanilang pamantasan. Sa

pamamagitan nito, hangarin ng pag-aaral na makalikha ng isang rebyuwer na makatutulong upang mapataas ang antas ng pagpasa ng mga susunod na examinee.

Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga karanasan ng mga kumuha ng LET batay sa proseso ng pagrebyu, nilalaman ng pagsusulit, kurikulum ng kanilang pinagtapusang pamantasan, at gurong tagapagrebyu ng LET sa Filipino sa kanilang pamantasan?
2. Paano binuo ang isang LET rebyuwer batay sa mga nakalap na datos?
3. Paano natukoy ang bisa at kalidad ng nabuong LET rebyuwer?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Exploratory Sequential Mixed Methods Design. Sinimulan ang disenyo sa qualitative phase, kung saan isinagawa ang semi structured na panayam sa mga LET passer upang tukuyin ang kanilang mga karanasan at epektibong estratehiya sa paghahanda sa LET. Mula sa mga datos na ito, binuo ang mungkahing LET rebyuwer sa Filipino. Sa ikalawang yugto, isinagawa ang quantitative phase sa pamamagitan ng isang survey questionnaire upang mataya ang bisa at kalidad ng nabuong rebyuwer. Ang paggamit ng ganitong disenyo ay nakatulong upang lubos na maunawaan ang kontekstwal na karanasan ng mga kalahok at maisalin ito tungo sa pagbuo ng isang konkretong produkto, ang LET rebyuwer, na maaaring makatulong sa mga susunod na mag aaral (Creswell & Plano Clark, 2018).

Pito na kalahok ang pinili upang lumahok sa isang 16 item na semi structured na panayam para sa qualitative na bahagi ng pag aaral upang mailahad ang kanilang mga karanasan sa paghahanda sa LET. Ginamit ang phenomenological na disenyo upang masusing maunawaan ang mga karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang sariling pananaw at karanasan. Layunin ng pamamaraang ito na mailahad ang diwa at kahulugan ng kanilang mga danas, hindi lamang upang magbigay ng pangkalahatang resulta o estadistikal na pagsusuri, kundi upang makuha ang lalim ng kanilang mga pananaw. Ang pagsusuri sa qualitative data ay isinagawa gamit ang thematic analysis, kung saan tinukoy at binigyang kahulugan ang mga lumitaw na tema upang malinaw na mailarawan ang kabuuang karanasan ng mga kalahok. Sa paraang ito, nailahad kung paano nila naranasan ang paghahanda sa LET, anong mga hamon ang kanilang hinarap, at anong mga estratehiya ang kanilang nahanap na kapaki pakinabang.

Samantala, ang quantitative na bahagi ng pag aaral, na naglayong suriin ang bisa at kalidad ng nabuong LET rebyuwer sa Filipino, ay isinagawa gamit ang talatanungan na binuo ng mananaliksik sa pagkuha ng datos sa danas ng mga LET passer at ebalwasyon naman mula sa mga eksperto sa pagtataya sa nabuong LET rebyuwer. Ang mga instrumento ay dumaan sa pagsusuri at pagpapatibay ng mga eksperto sa larangan. Gamit ang quantitative descriptive research na disenyo, nilayon ng pag aaral na mailarawan ang pananaw ng mga kalahok hinggil sa nabuong LET rebyuwer sa pamamagitan ng mga numerikal na datos. Ginamit ang descriptive statistics, partikular ang mean (karaniwang iskor) at standard deviation, upang masukat ang antas ng pagtanggap at pagkakaiba ng mga pananaw ng mga kalahok. Ang mga nakalap na datos mula sa parehong qualitative at quantitative na bahagi ay nagsilbing gabay sa patuloy na pagpapabuti ng LET rebyuwer para sa mga susunod na mag aaral. Sa kabuoan, ang paggamit ng exploratory mixed method design ay nagbigay daan upang mas malalim na maunawaan ang mga karanasan ng mga gurong pumasa sa LET at upang makabuo ng isang rebyuwer na tunay na nakabatay sa mga pangangailangan at realidad ng mga examinee.

Ang mga kalahok sa pag aaral ay mga kumuha ng Licensure Examination for Teachers (LET) mula sa mga kolehiyo at review center sa Metro Manila na mga pumasa sa nakalipas na limang taon. Nilayon ng pag aaral na tiyaking ang mga datos na nakalap ay may kaugnayan sa kasalukuyang anyo at saklaw ng pagsusulit. Kasama sa mga kalahok ang mga nagmula sa iba't

ibang kolehiyo at unibersidad upang makuha ang mas malawak na pananaw, dahil bawat institusyon ay may kanya kanyang programa sa edukasyon, estilo ng pagtuturo, at mga paraan ng paghahanda sa LET. Gumamit ng purposive sampling upang matiyak na ang mga tamang kalahok ang napili. Ang paraang ito ng di random na pagpili ay nagbibigay daan sa mananaliksik na pumili ng mga kalahok batay sa tiyak na mga salik tulad ng kanilang naging resulta sa LET (pumasa) at kanilang mga karanasan sa paghahanda.

Sa kabuoan, 7 na kalahok ang isasama sa pananaliksik na pumasa sa LET sa nakalipas na limang taon. Pinili ang bilang na ito upang magkaroon ng balanseng pananaw mula sa bawat kalahok. Upang maging kwalipikado, ang kalahok ay dapat kumuha ng LET sa nakalipas na limang taon (hindi lalagpas sa 5 taon bago ang pagsasagawa ng pananaliksik), dapat ay nagtapos lamang ng Filipino major sa edukasyon mula sa kolehiyo o unibersidad, at, para sa mga pumasa, dapat ay may katibayan ng pagpasa sa LET (PRC certificate o katibayan ng lisensya). Dapat din silang bukas sa pagbabahagi ng kanilang karanasan sa pamamagitan ng panayam at/o pagsagot sa talatanungan. Hangad nito na maisama ang mga may iba't ibang antas ng paghahanda, mula sa mga nag aral nang mag isa hanggang sa mga dumaan sa review center, upang magkaroon ng mas malawak at mas malalim na pag unawa sa iba't ibang karanasan sa paghahanda para sa LET.

Ang mga kalahok naman sa pagtataya sa nabuong LET rebyuwer ay binubuo ng mga 3 piling indibidwal na may sapat na karanasan at kaalaman sa LET, na magsisilbing tagasuri sa nabuong LET reviewer. Ang kanilang mga pananaw at ebalwasyon ay mahalagang sanggunian upang matukoy ang bisa, kalidad, at angkop na nilalaman ng rebyuwer sa Filipino. Partikular, ang mga kalahok ay kinabibilangan ng mga guro sa kolehiyo na nagtuturo sa mga programang Teacher Education, mga lisensyadong guro na nakapasa sa LET, mga guro na may karanasan bilang tagapagsanay o tagapagrebyu sa mga LET review center, at mga tagapamahala o administrador ng Teacher Education Institutions (TEIs). Pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling, kung saan isinasaalang alang ang kanilang eksperyensiya at kakayahang magbigay ng makabuluhang puna sa nabuong rebyuwer. Tiniyak na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman sa mga competencies na hinihingi ng LET at may aktwal na karanasan sa pagtuturo o paghahanda ng mga mag aaral para sa LET.

Layunin ng kanilang ebalwasyon na masuri kung sapat ang saklaw at nilalaman ng rebyuwer, kung epektibo ang estratehiya sa Pagtuturo at Pagkatuto, kung ang pagsusulit at pagtataya ay angkop sa kaalaman ng estudyante sa nabuong LET rebyuwer, at kung ang estruktura, organisasyon, at kabuuang bisa ng nabuong LET rebyuwer sa Filipino ay angkop. Ang kanilang mga puna at rekomendasyon ay magsisilbing mahalagang batayan para sa patuloy na paglinang at pagpapahusay ng LET rebyuwer upang ito ay maging higit pang kapaki pakinabang at makabuluhan para sa mga susunod na henerasyon ng mga kumukuha ng Licensure Examination for Teachers.

Para sa bahaging qualitative na pananaliksik na ito, gumamit ang mananaliksik ng sariling gawang talatanungan na binubuo ng mga semi structured interview questions. Ang instrumentong ito ay naglalayong makakalap ng mga detalyado at makabuluhang datos mula sa mga kalahok hinggil sa kanilang mga personal na karanasan, pananaw, at estratehiya sa paghahanda para sa Licensure Examination for Teachers (LET). Ang semi structured interview questions ay binuo mismo ng mananaliksik batay sa layunin ng pag aaral at isinailalim sa content validation ng mga lisensyadong guro sa Teacher Education, full pledge Master of Arts in Education Medyor sa Filipino, at ekspertong guro sa pagtuturo ng mga asignaturang Filipino upang matiyak ang pagiging angkop at bisa ng mga tanong. Ang mga tanong ay nakatuon sa iba't ibang aspeto ng karanasan ng mga kalahok sa bilang ng LET Passer.

Ang isa sa mga pangunahing instrumento na ginamit sa pananaliksik na ito ay ang "Pagsusuri sa Bisa ng Nabuong LET Rebyuwer," isang self made na talatanungan na binuo ng mananaliksik upang masukat ang kabuuang bisa at kalidad ng nabuong LET rebyuwer na nilikha batay sa mga datos at karanasan ng mga LET passer. Ang talatanungan na ito ay naglalayong suriin kung ang nilalaman, estratehiya, pagsusulit, at implementasyon ng rebyuwer ay sapat, akma, at epektibo bilang gabay sa mga mag aaral na naghahanda para sa Licensure Examination for Teachers (LET). Binuo ang instrumentong ito matapos ang masusing pagsusuri sa mga kaugnay na literatura at gabay sa pagbuo ng rebyuwer, gayundin sa tulong ng mga eksperto sa larangan ng edukasyon at pagsusuri ng instrumento. Pinavalidate ito ng tatlong tagapayo, na binubuo ng mga lisensyadong guro sa Teacher Education, full pledge Master of Arts in Education Medyor sa Filipino, at ekspertong guro sa pagtuturo ng mga asignaturang Filipino, upang matiyak ang content validity at pagiging akma ng bawat bahagi sa layunin ng pag aaral.

Ang talatanungan ay binubuo ng apat (4) na pangunahing bahagi. Ang unang bahagi ay nakatuon sa Nilalaman at Saklaw ng Aralin, kung saan sinusuri kung sapat ang mga paksa, malinaw ang pagpapaliwanag, at naaayon ang nilalaman sa mga competencies ng LET sa Specialized Subjects. Nakatutok rin ito sa koneksyon ng mga aralin sa aktwal na karanasan sa pagtuturo. Ang ikalawang bahagi ay tumatalakay sa Estratehiya sa Pagtuturo at Pagkatuto, kung saan tinutuos kung ang mga metodolohiyang ginamit sa rebyuwer gaya ng test taking strategies, practical exercises, critical thinking activities, at paggamit ng technology ay nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto ng mag aaral. Ang ikatlong bahagi ay nakatuon sa Pagsusulit at Pagtataya, kung saan sinusuri kung paano nasusukat ng mga pagsusulit ang kaalaman at kasanayan ng mga mag aaral, kung balanse at akma ang mga tanong sa LET format, at kung sapat ang tugon at interpretasyon ng bawat pagsusuri. Ang ikaapat na bahagi ay tumutuos sa kabuoang disenyo, daloy, at usability ng rebyuwer, partikular kung ito ba ay madaling gamitin, malinaw ang format, epektibong nagagabayan ang mag aaral sa self study, at may sapat na digital at supplemental resources.

Ang bawat item sa talatanungan ay sinasagutan gamit ang isang 4 point Likert scale, kung saan ang 1 ay Lubos na Hindi Sumasang ayon, ang 2 ay Hindi Sumasang ayon, ang 3 ay Sumasang ayon, at ang 4 ay Lubos na Sumasang ayon. Ang kabuoang puntos mula sa bawat bahagi ay binibigyang interpretasyon upang masukat kung ang nabuong LET rebyuwer ay Napakahusay, Mahusay, Katamtaman, o Hindi Sapat. Ang pagbuo ng ganitong klaseng instrumento ay nakaugat sa mga prinsipyo ng Constructive Alignment nina Biggs at Tang (2011), kung saan ang mga learning objectives, instructional activities, at assessment ay kailangang magkakaugnay at suportado ng malinaw na balangkas. Dagdag dito, ayon kina Rothman et al. (2021), mahalaga ang pagbuo ng mga valid at reliable na pagsusuring instrumento sa pagtataya ng kalidad ng mga learning materials sa online at face to face modalities. Dahil ang layunin ng pag aaral ay makabuo ng isang makabuluhang LET rebyuwer na nakaayon sa LET exam at epektibo para sa mga guro sa hinaharap, ang pagsusuring ito ay mahalagang bahagi ng buong proseso upang masigurong ang output ng pananaliksik ay may mataas na antas ng bisa, kalidad, at kabuluhan.

Ang pangangalap ng datos sa pag aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng maayos at sistematikong pamamaraan upang matiyak ang pagiging tama, maaasahan, at balido ng mga impormasyon. Gumamit ang pananaliksik ng parehong qualitative at quantitative na pamamaraan upang masusing suriin ang mga karanasan ng mga pumasa sa LET at upang mataya ang nabuong LET rebyuwer sa Filipino. Ang unang hakbang sa pangangalap ng datos ay ang pagpili ng mga kwalipikadong kalahok. Pinili ang mga guro na pumasa sa LET sa nakaraang limang taon (mula 2020 hanggang 2025), na nagmula sa iba't ibang unibersidad at review center sa Metro Manila. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang

matiyak ang pagkakaiba iba ng mga karanasan at pananaw ng mga kalahok sa kanilang paghahanda at pagkuha ng LET, gayundin sa kanilang ebalwasyon sa nabuong LET rebyuwer.

Kapag natukoy na ang mga kalahok, makikipag ugnayan ang mananaliksik sa kanila sa pamamagitan ng email, social media, o personal na komunikasyon. Ipinaabot sa kanila ang layunin ng pag aaral, ang mga proseso ng pagsali, at ang kanilang mga karapatan bilang kalahok. Lahat ng kalahok ay bibigyan ng informed consent form upang opisyal na kumpirmahin ang kanilang boluntaryong paglahok. Bawat kalahok ay makatatanggap ng dalawang instrumento sa pangangalap ng datos, isang survey questionnaire para sa quantitative na bahagi ng pag aaral at isang semi structured interview guide para sa qualitative na bahagi.

Ang survey questionnaire ay ipinamahagi alinman sa naka print na kopya o online format gamit ang plataporma tulad ng Google Forms, depende sa kaginhawahan ng kalahok. Layon ng survey na mataya ang bisa at kalidad ng nabuong LET rebyuwer sa Filipino gamit ang mga tanong na sinusukat sa pamamagitan ng Likert Scale. Ang semi structured interviews naman ay isinagawa upang makuha ang malalim na karanasan ng mga kalahok. Maaaring gawin ang mga panayam nang personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng video conferencing (Zoom o Google Meet), depende sa availability at kagustuhan ng mga kalahok. Ang bawat panayam ay irerecord, may pahintulot ng kalahok, at pagkatapos ay itratranscribe upang gamitin sa thematic analysis.

Ang mga transcribed interviews naman ay nairepasuhin at sinuri gamit ang thematic analysis batay sa anim na hakbang nina Braun at Clarke (2006). Nagsimula ang proseso sa pagkilala at pag unawa sa kabuuang datos, na sinundan ng pagbuo ng mga paunang kodigo, pagtukoy sa mga pangunahing tema, pagsusuri ng mga tema, pagpapangalan at paglalagom ng mga tema, at pag uulat ng mga resulta. Sa prosesong ito, masusing rerepasuhin ang mga sagot upang matiyak ang pagiging tama at kumpleto ng datos. Kung sakaling may mga hindi pagkakatugma o kakulangan, kokontakin muli ang kalahok para sa clarification o verification. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamamaraang ito, masisiguro na ang pangangalap at pagsusuri ng datos ay magiging sistematiko, tapat, at etikal. Ang mga nakalap na impormasyon ay magiging matibay na batayan para sa pagbuo ng isang komprehensibo at epektibong LET rebyuwer sa Filipino, na makakatulong sa mga susunod na mag aaral sa kanilang paghahanda sa pagsusulit para sa lisensya.

Ang pag aaral na ito ay gumamit ng parehong qualitative at quantitative na pamamaraan sa pagsusuri ng datos upang matiyak ang masusing interpretasyon ng mga nakalap na impormasyon. Dahil ang pananaliksik ay gumagamit ng exploratory mixed method, iba't ibang paraan ng pagproseso at pagsusuri ang gagamitin depende sa uri ng datos. Para sa qualitative na bahagi, ang mga tugon mula sa semi structured na panayam ay susuriin gamit ang thematic analysis, isang pamamaraang sumusuri at nagpapakahulugan sa mga pattern o tema mula sa tekstuwal na datos. Susundin ang anim na hakbang ng thematic analysis nina Braun at Clarke (2006).

Sa unang hakbang ng thematic analysis, na pagpapakilala sa datos, naitranscribe ng mananaliksik ang mga naitalang panayam, babasahin ito nang paulit ulit, at gagawa ng paunang tala. Sa ikalawang hakbang, na pagbuo ng paunang kodigo, tiniyak ang mga mahalagang parirala, salita, o ideya mula sa mga tugon at bibigyan ng kodigo. Sa ikatlong hakbang, na paghahanap ng mga tema, pinagsama sama ang mga kategoryang may magkatulad na kahulugan upang mabuo ang mga pangunahing tema. Sa ikaapat na hakbang, na pagsusuri ng mga tema, nairepasuhin at sinuri ang mga tema upang matiyak na tumpak itong kumakatawan sa mga tugon ng mga kalahok. Sa ikalimang hakbang, na pagpapakahulugan at pagpangalan sa mga tema at subtema, binigyang linaw at pinangalanan ang mga panghuling tema at subtema upang maipakita ang pinakaangkop na representasyon ng datos. Sa ikaanim na hakbang, na

pagbuo ng ulat, inilahad ang mga natuklasan sa malinaw at sistematikong paraan, kasama ang mga direktang sipi mula sa mga kalahok upang bigyang konteksto at katotohanan ang mga resulta.

Para sa quantitative na bahagi, ang mga sagot mula sa survey questionnaire ay ie encode, aayusin, at ipoproseso gamit ang mga statistical software tulad ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) o Microsoft Excel. Ang pangunahing estadistikang gagamitin ay weighted mean, na karaniwang ginagamit sa mga survey upang matukoy ang average. Gagamitin din ang descriptive statistics, partikular ang mean (karaniwang iskor) at standard deviation, upang masukat ang antas ng pagtanggap at pagkakaiba iba ng pananaw ng mga kalahok tungkol sa nabuong LET rebyuwer. Ang mga resulta ng pagsusuri ay magsisilbing batayan sa patuloy na pagpapabuti ng rebyuwer para sa kapakinabangan ng mga susunod na kukuha ng LET.

Sa pagsasama ng weighted mean analysis para sa datos ng survey at thematic analysis para sa mga tugon sa panayam, tinitiyak ng pag aaral ang masusing at komprehensibong pag unawa sa mga karanasan ng mga pumasa sa LET, gayundin sa pagtataya ng nabuong LET rebyuwer sa Filipino. Ang quantitative na resulta ay nagbigay ng pangkalahatang ebalwasyon ng rebyuwer, habang ang qualitative na natuklasan ay nagbigay ng mas malalim at kontekstuwal na pananaw sa mga hamon at paraan ng pag aaral ng mga examinee. Sa pinagsamang pamamaraang ito, inasahan na nakabuo ng isang mas epektibo at komprehensibong LET rebyuwer sa Filipino, na higit na angkop sa pangangailangan ng mga susunod na kukuha ng pagsusulit.

Sa kabuuang pagsasagawa ng pag aaral, sinunod ang mga pamantayan at proseso alinsunod sa mga etikal na gabay sa pananaliksik, kabilang ang tamang paghawak sa paglahok ng mga kalahok, pagiging kumpidensyal ng datos, at maayos na pagproseso ng impormasyon. Bago sinimulan ang pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay naghanda at nagsumite ng kumpletong dokumento sa Research Ethics Committee (REC) ng La Consolacion University Philippines para sa masusing pagsusuri. Matapos mapatunayan ng komite ang pagiging angkop, etikal, at ligtas ng mga pamamaraan ng pananaliksik, inaprubahan ng REC ang pag aaral.

Sinunod ng mananaliksik ang mga etikal na pamantayan sa pagsulat ng pananaliksik, kabilang ang paggamit ng mga mapagkakatiwalaang sanggunian, maayos na pagbibigay ng kredito sa mga may akda, at pag iwas sa anumang uri ng plagiarism. Sinunod rin ang mga alituntunin sa copyright at patent sa paggamit ng mga materyales at humingi ng pahintulot mula sa mga may akda kung kinakailangan. Sa yugto ng pangangalap ng datos, ang bawat kalahok ay binigyan muna ng malinaw na impormasyon hinggil sa layunin, saklaw, at pamamaraan ng pag aaral. Ipinaliwanag ng mananaliksik na ang kanilang paglahok ay boluntaryo at sila ay may karapatang umatras anumang oras kung nanaisin nila, nang walang anumang masamang epekto. Matapos ito, ang bawat kalahok ay pinirmahan sa isang informed consent form bilang pormal na pahintulot sa kanilang paglahok. Walang anumang pamimilit, panlilinlang, o manipulasyon ang isinagawa upang makuha ang kanilang pahintulot.

Pinangalagaan din ng mananaliksik ang pagiging kumpidensyal ng lahat ng impormasyong nakalap. Ang mga personal na impormasyon ng mga kalahok, kabilang ang kanilang mga pangalan at iba pang pagkakakilanlan, ay hindi isasama sa anumang ulat ng pag aaral. Lahat ng datos ay na encode at iniimbak sa isang ligtas na file na may password protection. Tanging ang mananaliksik lamang ang may direktang access sa mga datos. Bukod dito, tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng nakalap na datos ay hindi binago, pinalitan, o sinadyang kinurap upang mapanatili ang katapatan at pagiging totoo ng mga resulta. Ang proseso ng pagsusuri sa datos, maging sa qualitative o quantitative bahagi, ay isinagawa nang tapat at maayos.

Ipinaalam din sa mga kalahok na maaari silang humiling ng kopya ng resulta ng pag aaral kung nanaisin nila sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa pagcanlungangrace@gmail.com. Ang kabuuang proseso ng pagsulat at pagbuo ng pananaliksik na ito ay isinagawa alinsunod sa mga pamantayan ng American Psychological Association (APA), 7th Edition, upang matiyak na sumusunod ito sa internasyonal na pamantayan ng etikal na pananaliksik. Sa ganitong paraan, napalakas ng pag aaral na ito ang etikal na integridad at kalidad ng buong proseso ng pananaliksik.

## RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga resulta ng isang pinagsamang pag-aaral na gumamit ng kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng panayam sa pitong (n=7) LET passers mula sa nakaraang limang taon upang suriin ang kanilang mga karanasan sa paghahanda, at ng kwantitatibong disenyo sa pamamagitan ng isang surbey sa tatlong (n=3) eksperto upang tasahin ang bisa ng nabuong rebyuwer sa Filipino. Ang mga kwalitatibong datos ay sinuri gamit ang pagsusuring tematiko upang matukoy ang mga temang umusbong mula sa mga karanasan ng mga kalahok, habang ang kwantitatibong datos ay sinuri sa pamamagitan ng pagkuha ng weighted mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng pagsang-ayon ng mga eksperto sa nilalaman, estruktura, organisasyon, at kabuuang bisa ng rebyuwer. Ang talakayan ng mga resultang ito ay tuwirang nakaugnay sa mga layunin ng pag-aaral upang maipaliwanag ang mga salik na nakaaapekto sa paghahanda sa LET at upang matukoy ang bisa ng isang iminungkahing kagamitang pampagtuturo.

Sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral, sinuri ang mga karanasan ng mga kalahok sa pagrerebyu sa Filipino. Mula sa kanilang mga tugon, lumitaw ang dalawang pangunahing tema: ang paraan ng pagrerebyu sa Filipino at ang haba ng oras ng pagrerebyu. Sa ilalim ng unang tema, tatlong subtema ang natukoy: pakikilahok sa review center, paggamit ng materyales, at panonood ng mga video sa YouTube. Ang paggamit ng mga materyales ang siyang nangibabaw na paraan ng pagrerebyu, na may 100 porsyento (7 sa 7) ng mga kalahok na nag-ulat na gumamit sila ng mga libro at iba pang babasahin upang maunawaan ang mga paksa sa Filipino at upang magsanay sa pagsagot ng mga halimbawang tanong. Apat sa mga kalahok (57 porsyento) ang nakilahok sa isang review center upang mapataas ang kanilang kumpyansa at mas masanay sa pagsagot ng mga tanong, habang dalawa sa mga kalahok (29 porsyento) ang gumamit ng panonood ng mga video sa YouTube bilang kanilang paraan ng pagrerebyu. Ang iba't ibang paraan ng paghahandang ito ay naaayon sa pag-aaral ni Mayer (2025) na nagsasaad na ang paggamit ng iba't ibang materyales tulad ng larawan, video, at teksto ay nakatutulong sa mas mahusay na pag-unawa ng mag-aaral, at sa pag-aaral nina Molina, Olegario at Baluyos (2024) na kabilang sa mga paraan ng paghahanda para sa LET ang paggamit ng mga review sessions, study materials, at iba pang learning resources gaya ng mga video online. Ang pakikilahok sa review center ay partikular na binanggit ng isang kalahok, KA3, na nagsabing, "Ang ginawa ko po ay nagenroll po ako sa review center, hindi ko alam saan ako magsisimula magrebyu kasi," na nagpapahiwatig na ang istrukturang pagtuturo sa mga review center ay nagsisilbing gabay para sa mga takers na hindi alam kung saan magsisimula ang kanilang paghahanda. Samantala, ang paggamit ng mga materyales ay binigyang-diin ng isa pang kalahok, KW7, na nagsabing, "Nanghiram ako ng reviwer sa kakilala ko taga ibang school... Mas Maganda kasi marami ka resources," na nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng sapat at iba't ibang sanggunian sa pagrerebyu. Ang panonood ng mga video sa YouTube ay ginamit ng mga kalahok na gaya ni KK1 na nagsabing, "Gumamit din ako sa pagrerebyu ng video sa youtube… Nanood ako ng mga drill doon ng mga pagsasanay…Nakikinig ako habang

may ginagawa ganun habang nagluluto," na nagpapakita ng kakayahang umangkop ng paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral kahit na may iba pang ginagawa.

Sa ikalawang tema tungkol sa haba ng oras ng pagrerebyu, lumitaw ang dalawang subtema: kulang sa oras at focus sa pagrerebyu. Anim sa pitong kalahok (86 porsyento) ang nagpahayag na kulang ang kanilang oras sa pagrerebyu para sa Filipino, samantalang isang kalahok (14 porsyento) lamang ang nakapagpokus sa kanyang pagrerebyu. Ang kakulangan sa oras ay isang malaking hamon na binanggit ng mga kalahok, gaya ng pahayag ni KK1: "Kulang sa oras, ang gusto kong baguhin…Magfocus sa pagrebyu and time management..Mahirap dahil sabay-sabay ang inaasikaso at financial problem," at ni KA3: "Yung time po na yon ay nagtatrabaho ako hindi ako makapagfocus, sinisingit singit ko lang po. Kulang na kulang talaga sa oras, kulang sa preperasyon." Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng mga hadlang na kinakaharap ng mga LET takers, tulad ng pagsabay ng trabaho at pag-aaral, at kakulangan sa pinansyal na panggastos para sa pagrerebyu. Ayon sa pag-aaral nina Aplaon at Hernandez (2024), mas mainam na magkaroon ng sapat na panahon at oras sa pagrerebyu sa eksaminasyon upang maging handa, at ang mga rekomendasyon hinggil sa bilang ng review sessions at tagal (hal., weekend intensive sessions for 6–8 weeks) ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng sapat na oras. Sa kabila ng mga hamong ito, ang isang kalahok, KW7, ay nagpakita ng dedikasyon sa pamamagitan ng pagsasabing, "Hanggang madaling araw ako nagrebyu, halos 12 hours ako nagrebyu sa loob ng anim na buwan..subsob ako sa pagrebyu noon. Hindi muna ako nagtrabaho," na nagpapakita na ang pagkakaroon ng focus at sapat na oras ay posible kung ang isang takers ay ganap na maglaan ng kanyang oras at hindi muna magtrabaho. Ayon kay Walck-Shannon et al. (2024), ang interbensiyong nag-plano ng pag-aaral (study planning) ay nakakatulong sa mga mag-aaral na manatiling focus habang nagre-review, na isang praktikal na estratehiya para sa LET examinees na kailangan ng istrukturang plano. Sa kabuuan, ang mga karanasan sa pagrerebyu ay nagpapakita na ang paggamit ng iba't ibang materyales at ang pagkakaroon ng sapat na oras at focus ay mahalaga sa paghahanda para sa LET, ngunit ang mga hadlang tulad ng kakulangan sa oras at pinansyal ay maaaring makaapekto sa kalidad ng paghahanda.

Sa pagsusuri ng karanasan sa nilalaman ng eksaminasyon sa Filipino, apat na tema ang lumitaw mula sa mga tugon ng mga kalahok: mga paksa sa wika, mga paksa sa panitikan, mga paksa sa pananaliksik, at ang antas ng kahirapan ng eksaminasyon. Sa ilalim ng temang wika, limang subtema ang natukoy: bahagi ng pananalita (43 porsyento, 3 sa 7), tayutay (29 porsyento, 2 sa 7), antas ng wika (14 porsyento, 1 sa 7), teorya ng wika (43 porsyento, 3 sa 7), at kasaysayan ng Wikang Filipino (29 porsyento, 2 sa 7). Ang mga paksa sa panitikan ay may anim na subtema: maikling kuwento (43 porsyento, 3 sa 7), dula (14 porsyento, 1 sa 7), tula (43 porsyento, 3 sa 7), nobela (29 porsyento, 2 sa 7), mga manunulat (43 porsyento, 3 sa 7), at kwentong pambata (14 porsyento, 1 sa 7). Sa ilalim naman ng temang pananaliksik, ang subtemang mga bahagi ng pananaliksik ay may 29 porsyento (2 sa 7). Ang mga paksang ito ay pawang lumabas sa eksaminasyon, at ang mga kalahok ay nagbigay ng kanilang mga konkretong karanasan tungkol dito. Halimbawa, si KM2 ay nagsabing, "May mga tanong sa tamang gamit ng salita, wastong pagbubuo ng pangungusap, teorya ng wika….Kasama rin ang mga katanungan tungkol sa kasaysayan ng Wikang Filipino," na nagpapakita ng lawak ng mga paksa sa wika. Si KA3 naman ay nagbanggit ng "pangngalan, pagbabago ng alpabetong filipino at…yun po isa pa yung mga paksa tungkol sa wika..bahagi ng wika yata yun po," na nagpapakita ng mga partikular na paksa sa gramatika. Sa panitikan, si KK1 ay nagsabing, "May mga lumabas ng mga tao..yung mga author ng maikling kwento basta yun po sa panitikan," at si KM2 ay nagdagdag ng "May kasamang tanong sa pagsusuri ng iba’t ibang anyo ng panitikan. Mayron din mga bahagi ukol sa dula, tula, at nobela sa panitikang Pilipino," na nagpapakita ng lawak ng mga paksa sa panitikan. Sa pananaliksik, dalawang kalahok ang nagpatunay na may mga tanong tungkol dito; si KRA5 ay nagsabing, "Mayroon din po pala mga tanong tungkol sa

pananaliksik," at si KR6 ay nagpapatunay na, "Nilalaman ng ilang mga tanong sa LET ay tungkol sa pananaliksik din." Ang paglitaw ng mga paksang ito ay nagpapatunay na ang mga asignatura sa Filipino sa kolehiyo ay may kaugnayan sa nilalaman ng LET, ngunit ang lawak ng mga paksang ito ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa, hindi lamang ng simpleng pagmememorya.

Ang pang-apat na tema ay ang antas ng kahirapan ng eksaminasyon sa Filipino, na may dalawang subtema: mahirap (100 porsyento, 7 sa 7) at katamtaman (14 porsyento, 1 sa 7). Lahat ng mga kalahok ay nakaramdam ng kahirapan sa pagsagot sa eksaminasyon sa major sa Filipino. Si KK1 ay nagsabi, "Nahirapan mam kahit major ko na yun...kasi ang akala ko madali lang maintindihan kasi Filipino kaso kasi...ang hahahaba mahaba na ang tanong mahaba pa yung mga choices," na nagpapakita na ang laki ng teksto at ang pagiging mapili ng mga tanong ay nagdagdag sa kahirapan. Si KM2 naman ay nagpaliwanag na ang pinakamahirap ay ang "bahagi tungkol sa teorya ng wika at masalimuot na gramatika na instruktura..kinakailngan ng mas malalim na pag-unawa kaysa sa simpleng memorization," na nagpapakita na ang eksaminasyon ay sumusukat ng mas malalim na pag-unawa. Si KF4 ay nagsabing, "Nahirapan ako talaga sa mga tao hindi ko kasi kabisado lahat at pati yung mga akda nila..akala ko nun madali lang exam sa Filipino..Pagkatapos nga ng exam umiyak ako kasi feeling ko hindi na ako papasa," na nagpapakita ng emosyonal na epekto ng kahirapan ng eksaminasyon. Tanging si KRA5 lamang ang nagsabing, "Katamtamang madali at mahirap ang exam sa major," na nagmumungkahi na bagamat mahirap, may mga bahagi na kanyang nasagot nang maayos. Ang mga pahayag na ito ay umaayon sa Republic Act No. 7836 na nagtatakda ng pagsusulit para sa mga propesyonal na guro, at ang mga sumusubok na hindi nagtagumpay ay nagpapakita ng mataas na antas ng kahirapan ng eksaminasyon. Ang karanasan ng mga kalahok ay nagpapakita na ang LET sa Filipino ay hindi lamang sumusukat ng kaalaman kundi pati na rin ng kakayahang mag-analisa at mag-apply ng mga konsepto sa wika, panitikan, at pananaliksik.

Sa pagsusuri ng karanasan sa Pamantasan sa pag-aaral ng mga asignatura sa Filipino, dalawang tema ang lumitaw: ang mga asignaturang nakatulong at ang mga asignaturang hindi nabigyan ng tuon. Sa ilalim ng unang tema, ang Wika at Panitikan ay may 86 porsyento (6 sa 7) at ang Gramatika ay may 43 porsyento (3 sa 7). Ang mga kalahok ay nagpatunay na ang mga paksang ito ay nakatulong sa kanila sa LET. Si KK1 ay nagsabi, "Mayroon naman po mam tanong tungkol sa wika at panitikan… maikling kwento…at sa wika po na paksa..ganun po," at si KA3 ay nagsabing, "Mga paksa nakatulong sa akin sa LET po noon yung.. tungkol maikling kwento, Wika… at Salin sa Filipino yan po mam yung natalakay sa amin." Sa gramatika, si KK1 ay nagpahayag na "May mga tanong na lumabas tungkol sa bahagi ng pananalita na nakatulong din sa akin po mam," at si KRA5 ay nagsabing, "Nakatulong din po yung sa tayutay, pagbabasa ng mga words sa Filipino …yung mga malalalim po kung pano po sila gagamitin. Opo yung sa grammar." Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na ang mga asignaturang ito ay mahalaga sa paghahanda para sa LET. Gayunpaman, sa ilalim ng ikalawang tema, ang Pananaliksik (57 porsyento, 4 sa 7) at ang Batas (43 porsyento, 3 sa 7) ay natukoy bilang mga asignaturang hindi nabigyan ng sapat na tuon sa Pamantasan. Si KM2 ay nagsabi, "Oo, maraming pagkakataon na hindi natalakay o hindi naibigay nang sapat noong ako ay nasa kolehiyo tulad ng pananaliksik.. yung pagbuo ng pananaliksik," at si KRA5 ay nagmungkahi na "Mapalakas ang pananaliksik bakit kasi mahalagang pagpokosan ito kasi talagang lumalabas sa LET." Sa Batas, si KK1 ay nagsabing, "Mga paksa hindi natalakay tungkol po sa mga batas sa wika yung article ganun po, opo lumabas sa exam," at si KA3 ay nagpahayag ng pagkadismaya: "Paksa po sa Pamantasan na hindi na talakay yung ano po mga batas…mga taon..nadismaya ako kasi baka bumagsak ako kasi lumabas ang mga ito." Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na ang kakulangan sa pagtuturo ng mga asignaturang ito ay nagdulot ng

pagkabahala at kahirapan sa mga kalahok sa pagsagot sa LET. Ayon kay Pamela C. Constantino (2005), mahirap ang pananaliksik sa Filipino dahil kulang ang mga sanggunian, limitadong metodolohiyang nakasulat sa sariling wika, at mababa ang pagpapahalaga dito sa akademya. Ang kakulangan sa pagtuturo ng mga batas sa wika, na itinatadhana ng Article XIV, Section 6–9 ng 1987 Philippine Constitution, ay nagpapakita ng agwat sa kurikulum na dapat tugunan upang mas maihanda ang mga mag-aaral para sa LET.

Sa pagsusuri ng karanasan ng mga takers sa mga gurong nagbigay ng LET rebyu sa Filipino sa kanilang Pamantasan, dalawang tema ang lumitaw: naiintindihan ang pagtuturo (14 porsyento, 1 sa 7) at hindi naiintindihan ang pagtuturo (86 porsyento, 6 sa 7). Sa ilalim ng unang tema, ang subtemang pagpapaliwanag ng maayos ay may 14 porsyento, kung saan si KRA5 lamang ang nagsabing, "Meron po comprehensive review po. More on explanation po siya, presentation yun po ang paraan ng kaniyang pagtuturo. Naintindihan naman po." Ang pahayag na ito ay nagpapakita na ang isang maayos na paliwanag at presentasyon ay nakatutulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa ilalim ng ikalawang tema, ang subtemang walang nagturo ay may 86 porsyento (6 sa 7), kung saan ang mga kalahok ay nagpahayag na ang kanilang Pamantasan ay hindi nagsagawa ng pagrerebyu para sa LET. Si KK1 ay nagsabi, "Wala naman po nagturo sa school naming, sa mga videos sa youtube po ako nakinig," at si KM2 ay nagsabing, "Wla po rebyu sa aming Pamantasan, nanood po ako ng mga video at self review." Si KA3 ay nagpahayag na "Wala nman basta po kapag nagtuturo lang siya nagtatanong pero po yung para sa LET wala po," at si KF4 ay nagsabing, "Wala po rebyu sa school, yun lang ang ginawa ng guro habang siya ay nagtuturo." Si KR6 ay nagsabi, "Wala naman po nagturo, sana po meron," at si KW7 ay nagsabing, "To be honest po wala po siya ginawa." Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na ang karamihan sa mga kalahok ay hindi nakatanggap ng sapat na suporta mula sa kanilang Pamantasan sa pamamagitan ng mga review sessions. Ayon kay Gardner (2011), ang mga estudyante ay may iba't ibang cognitive strengths at paraan ng pagkatuto, kaya ang kakulangan ng mga review session na isinaayos ng Pamantasan ay maaaring mag-iwan sa mga mag-aaral na walang sapat na gabay. Ang kawalan ng mga guro na nagtuturo ng LET rebyu sa Filipino ay nagtutulak sa mga takers na humanap ng ibang paraan ng paghahanda, gaya ng paggamit ng mga video sa YouTube at self-review, na maaaring hindi kasing epektibo ng isang istrukturang pagtuturo mula sa mga eksperto.

Sa kwantitatibong bahagi ng pag-aaral, ang nabuong rebyuwer sa Filipino ay sinuri ng tatlong eksperto na may Master Degree sa Filipino at may lisensya sa pagiging guro. Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita ng resulta ng nilalaman ng rebyuwer. Sa sampung pahayag, ang pahayag bilang 2 ("Nakatulong ang rebyuwer upang maunawaan ang estruktura ng wika tulad ng ponolohiya, morpolohiya, at sintaksis."), pahayag bilang 8 ("Nakatulong upang maunawaan ng husto ang gramatika sa Filipino."), at pahayag bilang 9 ("Naipapakita ng reviewer ang ugnayan ng wika at kultura sa panitikan.") ang may pinakamataas na weighted mean na 4.00 na may standard deviation na 0.00 at may berbal na interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon." Ang pahayag bilang 5 ("Napalalim ng reviewer ang aking pagsusuri sa tula, maikling kwento, dula, at nobela.") naman ang may pinakamababang weighted mean na 3.00 na may standard deviation na 0.00 at may berbal na interpretasyon na "Sumasang-ayon." Sa kabuuan, ang nilalaman ng nabuong rebyuwer sa Filipino ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 3.64 na may standard deviation na 0.23 at may berbal na interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon." Ang resulta na ito ay nagpapakita na ang nilalaman ng rebyuwer ay lubos na epektibo sa pagtulong sa mga takers na maunawaan ang mga asignatura sa Filipino. Ayon sa pag-aaral nina Reyes at Santos (2020), binibigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng reviewer bilang pangunahing kasangkapan sa pagbalik-aral at mastery ng nilalaman ng pagsusulit. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga eksperto sa nilalaman ng rebyuwer ay nagpapatunay na ito ay akma sa mga paksang lumalabas sa LET, partikular na sa estruktura ng wika, gramatika, at ugnayan ng wika at kultura sa panitikan. Gayunpaman, ang mababang

pagsang-ayon sa pahayag bilang 5 ay nagpapahiwatig na ang rebyuwer ay maaaring hindi sapat na nakapagpalalim ng pagsusuri sa mga akdang pampanitikan tulad ng tula, maikling kwento, dula, at nobela, na dapat na tugunan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mas maraming kasanayan sa pagsusuri ng mga akdang ito sa susunod na bersyon ng rebyuwer.

Ang Talahanayan 6 naman ay nagpapakita ng resulta ng estruktura, organisasyon, at kabuuang bisa ng nabuong rebyuwer sa Filipino. Sa sampung pahayag, ang pahayag bilang 3 ("Madaling sundan at unawain ang format ng reviewer.") at pahayag bilang 6 ("Ang reviewer ay nakatulong sa paghahanda sa LET sa medyor sa Filipino.") ang may pinakamataas na weighted mean na 4.00 na may standard deviation na 0.00 at may berbal na interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon." Ang pahayag bilang 8 ("Ang reviewer ay may sapat na practice questions sa Filipino na kahawig ng LET.") naman ang may pinakamababang weighted mean na 3.20 na may standard deviation na 0.40 at may berbal na interpretasyon na "Sumasang-ayon." Sa kabuuan, ang estruktura, organisasyon, at kabuuang bisa ng nabuong rebyuwer sa Filipino ay may weighted mean na 3.72 na may standard deviation na 0.17 at may berbal na interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon." Ang resulta na ito ay nagpapakita na ang rebyuwer ay lubos na organisado, madaling maunawaan, at epektibo sa paghahanda ng mga takers para sa LET. Ayon kina Santos at Villanueva (2021), natuklasan sa pag-aaral na ang mahusay na organisadong reviewer ay may malaking ambag sa kabuoang bisa ng paghahanda ng mga mag-aaral sa pagsusulit, lalo na sa mga licensure examination. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon sa format at sa kakayahang makatulong sa paghahanda ay nagpapakita na ang rebyuwer ay may malinaw na estruktura at layunin. Gayunpaman, ang mababang pagsang-ayon sa sapat na practice questions na kahawig ng LET ay nagpapahiwatig na ang rebyuwer ay maaaring mangailangan ng mas maraming practice questions na may katulad na antas ng kahirapan at format sa aktwal na LET upang mas maging epektibo ito. Sa pangkalahatan, ang mga resulta ng kwantitatibong pagsusuri ay nagpapakita na ang nabuong rebyuwer sa Filipino ay may mataas na bisa sa mga tuntunin ng nilalaman, estruktura, at organisasyon, at ito ay isang mahalagang kagamitan na maaaring magamit ng mga kukuha ng LET.

Sa kabuuan, ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapakita ng komprehensibong larawan ng mga karanasan ng mga LET passers at ang bisa ng isang iminungkahing rebyuwer. Ang mga kwalitatibong resulta ay nagpapakita na ang mga takers ay gumagamit ng iba't ibang paraan ng pagrerebyu, ngunit nahaharap sa mga hamon tulad ng kakulangan sa oras at ang lawak at lalim ng mga paksang lumalabas sa eksaminasyon. Ang mga karanasan sa Pamantasan ay nagpapakita ng parehong mga kalakasan at kahinaan, kung saan ang Wika at Panitikan ay nakatulong ngunit ang Pananaliksik at Batas ay hindi nabigyan ng sapat na tuon, at ang kawalan ng mga review session mula sa mga guro ay nagtutulak sa mga takers na humanap ng sariling paraan ng paghahanda. Ang mga kwantitatibong resulta naman ay nagpapatunay na ang nabuong rebyuwer sa Filipino ay lubos na epektibo sa nilalaman, estruktura, at organisasyon, na siyang magsisilbing tulay upang matugunan ang mga kakulangan na natukoy sa mga karanasan ng mga takers. Ang mga natuklasang ito ay tumutugon sa mga layunin ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng malalim na pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa paghahanda sa LET at sa pagbuo ng isang kagamitang panturo na maaaring mapabuti ang paghahanda ng mga susunod na takers. Ang kontribusyon ng pag-aaral na ito sa larangan ng edukasyon ay ang pagbibigay ng empirikal na ebidensya sa mga karanasan ng mga LET passers at ang pagbuo ng isang rebyuwer na maaaring magamit ng mga pamantasan at mga indibidwal na takers upang mapataas ang antas ng paghahanda at, sa huli, ang rate ng pagpasa sa Licensure Examination for Teacher. Ang mga resultang ito ay naghahanda sa susunod na kabanata kung saan tatalakayin ang mga kongklusyon at rekomendasyon batay sa mga natuklasan ng pag-aaral.

## KONGKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay naglayong makabuo ng rebyuwer sa Filipino batay sa mga karanasan ng mga nakapasa sa Licensure Examination for Teachers (LET) sa nakaraang limang taon. Ginamit sa pag-aaral ang Exploratory Sequential Mixed Methods Design, na nagsimula sa qualitative phase sa pamamagitan ng semi-structured na panayam sa mga LET passer upang matukoy ang kanilang mga karanasan, paraan ng paghahanda, at mga estratehiyang naging epektibo sa kanilang pagrerebyu. Mula sa mga nakalap na datos, binuo ang mungkahing LET rebyuwer sa Filipino, na sinundan ng quantitative phase gamit ang survey questionnaire upang mataya ang bisa at kalidad nito. Ang ganitong disenyo ay nagbigay daan upang higit na maunawaan ang kontekstwal na karanasan ng mga kalahok at maisalin ang mga natuklasan tungo sa pagbuo ng isang konkretong kagamitang maaaring makatulong sa paghahanda ng mga susunod na kukuha ng LET (Creswell & Plano Clark, 2018).

Batay sa mga natuklasan, lumitaw na gumagamit ang mga kalahok ng iba't ibang paraan sa paghahanda para sa LET sa Filipino. Pangunahing ginagamit ang iba't ibang materyales tulad ng mga libro at babasahin na nagsisilbing gabay sa pag unawa sa mahahalagang paksa at sa pagsasanay sa pagsagot sa mga posibleng tanong sa pagsusulit. Mahigit kalahati ng mga kalahok, o 57 porsyento, ang nakilahok sa review center upang mapalawak ang kanilang kaalaman at mapataas ang kanilang kumpiyansa sa pagsagot, samantalang 29 porsyento ang gumamit ng mga online resources, kabilang ang panonood ng mga video sa YouTube, bilang karagdagang paraan ng pagkatuto. Gayunpaman, isang mahalagang hamon ang kakulangan sa oras sapagkat 86 na porsyento ng mga kalahok ang nakaranas nito sa kanilang pagrerebyu, habang 14 na porsyento lamang ang nakapaglaan ng sapat na oras at nakapagpokus sa kanilang paghahanda. Ipinakikita ng mga resultang ito na bagama't mahalaga ang pagkakaroon ng iba't ibang mapagkukunan ng kaalaman, kinakailangan ding magkaroon ng sapat at sistematikong oras upang maging higit na epektibo ang paghahanda para sa pagsusulit. Dahil dito, mahalagang gumamit ang mga kukuha ng LET ng iba't ibang materyales tulad ng mga aklat, rebyuwer, at iba pang babasahin, kasabay ng pagbuo ng maayos na iskedyul upang mapalawak ang kanilang kaalaman at higit na mapaghandaan ang pagsusulit.

Kaugnay ng nilalaman ng LET sa Filipino, ipinakita ng mga karanasan ng mga kalahok na ang mga tanong ay nakatuon sa iba't ibang paksa sa wika, panitikan, at pananaliksik. Sa larangan ng wika, kabilang sa mga lumabas na paksa ang bahagi ng pananalita na may 43 na porsyento, teorya ng wika na may 43 porsyento, tayutay na may 29 na porsyento, kasaysayan ng wikang Filipino na may 29 na porsyento, at antas ng wika na may 14 porsyento. Sa panitikan, madalas na lumitaw ang mga tanong tungkol sa maikling kuwento na may 43 porsyento, tula na may 43 porsyento, mga manunulat na may 43 porsyento, nobela na may 29 na porsyento, dula na may 14 porsyento, at kuwentong pambata na may 14 na porsyento. Lumitaw din ang mga tanong tungkol sa pananaliksik, partikular sa mga bahagi ng pananaliksik na may 29 na porsyento. Higit pang pinagtibay ng pananaw ng mga kalahok ang pangangailangan para sa masusing paghahanda sapagkat lahat ng kalahok, o 100 porsyento, ay nagsabing mahirap ang LET, bagama't may ilang nagsabi na ito ay nasa katamtamang antas ng kahirapan na may 14 na porsyento. Ipinahihiwatig nito na ang paghahanda para sa LET sa Filipino ay kailangang magkaroon ng malawak at balanseng saklaw upang matugunan ang iba't ibang larangan at antas ng kaalamang maaaring masukat sa pagsusulit.

Mahalaga rin ang naging ambag ng edukasyong natanggap ng mga kalahok sa pamantasan sa kanilang paghahanda para sa LET. Natuklasan na ang mga asignaturang may kaugnayan sa wika at panitikan ang higit na nakatulong sa kanilang paghahanda, na may 86 porsyentong tugon, na sinundan ng mga asignatura sa gramatika na may 43 porsyento. Gayunpaman, lumitaw ang mga puwang sa ilang larangan ng kanilang akademikong

paghahanda. Partikular na tinukoy ang pananaliksik na may 57 na porsyento at mga batas na may kaugnayan sa edukasyon na may 43 na porsyento bilang mga larangang hindi nabigyan ng sapat na tuon sa kanilang pag aaral sa pamantasan. Ipinakikita nito na bagama't nakapagbibigay ang mga asignatura sa wika, panitikan, at gramatika ng mahalagang pundasyon para sa LET, kinakailangan pa ring palakasin ang pagtuturo ng pananaliksik at mga batas na may kaugnayan sa edukasyon upang magkaroon ang mga mag aaral ng higit na komprehensibong paghahanda. Kaugnay nito, mahalagang isaalang alang ng mga pamantasan at Teacher Education Institutions ang pagsasama ng Mock LET sa kurikulum ng Filipino Major bago ang pagtatapos at ang paggamit ng Competency-Based Syllabus na malinaw na nakaayon sa PRC LET competencies upang higit na maitugma ang akademikong paghahanda sa mga kompetensiyang kinakailangan sa licensure examination.

Lumabas din na may mahalagang kakulangan sa institusyonal at akademikong paggabay na natanggap ng mga kalahok bago ang pagsusulit. Sa kanilang karanasan sa mga gurong nagbigay ng LET review sa Filipino sa pamantasan, 86 na porsyento ang nagsabing walang gurong nagturo o nagbigay sa kanila ng malinaw na rebyu, samantalang 14 na porsyento lamang ang nagsabing naiintindihan nila ang pagtuturo ng kanilang guro dahil sa maayos na pagpapaliwanag ng mga paksa. Ipinahihiwatig nito na kailangang higit na palakasin ang sistematikong suporta ng mga guro at institusyon sa paghahanda ng mga mag aaral para sa LET. Mahalaga samakatuwid na magkaroon ang mga guro sa kolehiyo ng malinaw at sistematikong review sessions at palakasin ang Mentorship Program o Tutoring para sa mga estudyanteng may mababang CGPA o nahihirapan sa kanilang pag aaral at naghahanda para sa LET. Sa pamamagitan nito, maaaring mabigyan ang mga mag aaral ng mas nakatuon at angkop na gabay upang mapalalim ang kanilang kaalaman sa Filipino at matugunan ang mga larangang nangangailangan pa ng karagdagang paghahanda.

Pinagtibay naman ng pagsusuri ng mga eksperto ang potensiyal ng nabuong rebyuwer sa Filipino bilang karagdagang kasangkapan sa paghahanda para sa LET. Sa pagsusuri sa nilalaman nito, nakakuha ang rebyuwer ng kabuuang weighted mean na 3.64 na may berbal na interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon," na nagpapakita ng mataas na antas ng pagiging angkop nito sa mga asignatura sa Filipino. Natukoy na nakatutulong ang rebyuwer sa pag unawa sa estruktura ng wika, gramatika, at ugnayan ng wika at kultura sa panitikan. Bagama't may ilang bahagi na nakakuha ng bahagyang mas mababang marka, kabilang ang pagpapalalim sa pagsusuri sa mga akdang pampanitikan, nanatiling positibo ang kabuoang pagtataya ng mga eksperto. Sa aspeto naman ng estruktura, organisasyon, at kabuoang bisa, nakakuha ang rebyuwer ng kabuuang weighted mean na 3.72 na may berbal na interpretasyon na "Lubos na Sumasang-ayon." Pinatutunayan nito na ang rebyuwer ay maayos ang pagkakaayos, madaling sundan, at kapaki-pakinabang bilang pantulong na materyal para sa mga naghahanda sa LET sa medyor sa Filipino.

Sa kabuoan, ipinakikita ng pag-aaral na ang matagumpay na paghahanda para sa Licensure Examination for Teachers sa Filipino ay nakasalalay sa ugnayan ng sapat na kaalaman, angkop at iba't ibang materyales sa pagrerebyu, maayos na pamamahala ng oras, komprehensibong akademikong paghahanda, at malinaw na paggabay mula sa mga guro at institusyon. Ang mataas na antas ng kahirapan ng pagsusulit na iniulat ng mga kalahok, kasama ang lawak ng mga paksang lumilitaw sa wika, panitikan, at pananaliksik, ay nagpapakita ng pangangailangan para sa isang sistematiko at komprehensibong paraan ng paghahanda. Kasabay nito, ang mga natukoy na kakulangan sa pagtuturo ng pananaliksik at mga batas na may kaugnayan sa edukasyon, gayundin ang limitadong paggabay sa LET review sa pamantasan, ay nagpapahiwatig ng pangangailangang higit na palakasin ang paghahanda ng mga mag aaral sa antas ng institusyon.

Samakatuwid, ang nabuong rebyuwer sa Filipino ay maaaring magsilbing mahalagang karagdagang kasangkapan sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga naghahanda para sa LET sa medyor sa Filipino, lalo na dahil positibo itong tinaya ng mga eksperto kapwa sa nilalaman at sa estruktura, organisasyon, at kabuoang bisa. Gayunpaman, kinakailangan ang patuloy na paggamit, pagsusuri, at pagpapabuti nito upang higit na mapalalim ang mga bahaging nangangailangan pa ng pagpapaunlad at mapanatili ang pagiging angkop nito sa pangangailangan ng mga kukuha ng pagsusulit. Mahalaga ring patuloy na palakasin ng mga pamantasan at Teacher Education Institutions ang kanilang mga programa sa paghahanda sa LET sa pamamagitan ng mas komprehensibong pagtuturo, Mock LET, Competency-Based Syllabus na nakaayon sa PRC LET competencies, sistematikong review sessions, Mentorship Program, at Tutoring upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag aaral.

Panghuli, dahil ang kasalukuyang pag-aaral ay nagsisilbing initial validation ng nabuong rebyuwer, mahalagang magsagawa ang mga susunod na mananaliksik ng mga katulad na pag-aaral na may mas malawak na saklaw at mas malaking bilang ng mga kalahok upang higit pang mapagtibay ang mga natuklasan. Maaari ring palawakin ang kasalukuyang pag-aaral tungo sa experimental na pananaliksik sa hinaharap upang masuri nang higit na sistematiko ang aktuwal na bisa ng nabuong rebyuwer sa pagpapataas ng kaalaman, kahandaan, at pagganap ng mga kukuha ng Licensure Examination for Teachers sa Filipino. Sa ganitong paraan, ang mga natuklasan at produktong nabuo mula sa pag-aaral ay maaaring patuloy na mapahusay at makapagbigay ng mas matibay na batayan para sa pagpapaunlad ng mga programang nakatuon sa paghahanda ng mga magiging guro para sa licensure examination.

## TALASANGGUNIAN


Aldossari, A. T. (2018). The challenges of using the differentiated instruction strategy: a case study in the general education stages in saudi arabia. International Education Studies, 11(4), 74-83.

Bayoumi, Y. & Al-Jundi, H. (2018). The impact of the use of a differentiated education strategy based on multiple intelligence on the development of educational attainment, retention of learning and motivation for achievement among primary school students. Journal of Mathematics Education, 11(21), 135-212.

Hersi, A. A., & Bal, I. A. (2021). Planning for differentiation: Understanding Maryland teachers' desired and actual use of differentiated instruction. Educational Planning, 28(1), 55—71.

Kendra Cherry, Mse. (2022, December 16). What is Piaget's theory of cognitive development? Verywell Mind. https://www.verywellmind.com/piagets-stages-of-cognitive-development-2795457

Marenus, M., & ScientistB.A., M. M. R. (2023, February 9). Howard Gardner's theory of multiple intelligences. Simply Psychology. Retrieved April 29, 2023, from https://www.simplypsychology.org/multiple-intelligences.html

Mariyam Shareefa, Visal Moosa, Rohani Mat Zin, Nor Zaiham Midawati Abdullah and Rosmawijah Jawawi. (2019). Teachers' Perceptions on Differentiated Instruction: Do Experience, Qualification and Challenges Matter? International Journal of Learning, Teaching and Educational Research. Vol. 18(8).214-226. https://doi.org/10.26803/ijlter.18.8.13

Mirawati, I. G. A., Suwastini, N. K. A., Haryanti, N. D., & Jayantini, I. G. A. S. R. (2022). DIFFERENTIATED INSTRUCTIONS: RELEVANT STUDIES ON ITS IMPLEMENTATION. Prasi: Jurnal Bahasa, Seni, dan Pengajarannya, 17(1), 11-21.

Özgenel, M., & Mert, P. (2019). The role of teacher performance in school effectiveness. International Journal of Education Technology and Scientific Researches (IJETSAR).

Piaget, Jean (May 2, 2022)— Jean Piaget's theory of cognitive development suggests that children move through four different stages of learning. His theory focuses not ... Piaget's 4 Stages of Cognitive Development Explained. Retrieve from https://www.verywellmind.com › Piaget-stages-of-cog...

Salar, R., & Turgut, U. (2021). Effect of differentiated instruction and 5E learning cycle on academic achievement and self-efficacy of learners in physics lesson. Science Education International, 32(1), 4–13. https://doi.org/10.33828/sei.v32.i1.1

Smale-Jacobse, A. E., Meijer, A., Helms-Lorenz, M., & Maulana, R. (2019). Differentiated instruction in secondary education: A systematic review of research evidence. Frontier in Psychology, 10, 1-23. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2019.02366

DepEd Order No. 030, s. 2020 [2] in line with its Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP) per DepEd Order No. 012, s. 2020

DepEd No. ORDER , s. 2022 CHILD RIGHTS FOLICY: ADOPTING TIIE RIGHTS.BASED EDUCATION FRAMEWORK PHILIPPINE BASIC EDUCATION

REPUBLIC ACT NO. 10533, AN ACT ENHANCING THE PHILIPPINE BASIC EDUCATION SYSTEM BY STRENGTHENING ITS CURRICULUM AND INCREASING THE NUMBER OF YEARS FOR BASIC EDUCATION, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR AND FOR OTHER PURPOSES

Differentiated instruction: Examples & classroom strategies: Resilient educator. ResilientEducator.com. (2022, November 9). Retrieved April 29, 2023, from https://resilienteducator.com/classroom-resources/examples-of-differentiated-instruction/

Alano, L. A. (2023). Assessing the impact of online review programs on LET performance of pre-service teachers in the Philippines. Journal of Education and Practice, 14(7), 22-32. https://doi.org/10.7176/JEP/14-7-04

Ballado-Tan, G. (2014). Academic performance and LET result correlation study.

Brown, A. (2018). Effectiveness of formal review programs on licensure exam performance. [Unpublished manuscript].

Class Ace. (2024). How to create an effective review material: A comprehensive guide. Retrieved from https://www.classace.com/blog/how-to-create-effective-review-material

Capili, M., & Capuno, J. (2018). LET performance of Filipino majors: An institutional assessment.

Cohen, R. J., & Swerdlik, M. E. (2020). Psychological testing and assessment: An introduction to tests and measurement (9th ed.). McGraw-Hill Education.

David, A. J. M. (2023). Integrating online and face-to-face review in teacher licensure preparation: A study in Philippine context. International Journal of Educational Research Review, 8(4), 45–56. https://doi.org/10.24331/ijere.130

Dela Cruz, M. A. (2020). Test anxiety and performance in Philippine licensure examinations. Journal of Educational Studies, 12(2), 56–67.

De Ridder, W. A., van Kooij, Y. E., Vermeulen, G. M., Slijper, H. P., Selles, R. W., Wouters, R. M., & the Hand-Wrist Study Group. (2021). Test-retest reliability and construct validity of the Satisfaction with Treatment Result Questionnaire in patients with hand and wrist conditions: A prospective study. Clinical Orthopaedics and Related Research, 479(9), 2022–2032. https://doi.org/10.1097/CORR.0000000000001794

Department of Education. (2017). K to 12 transition and teacher preparedness report.

Estrada, C., & Gabriel, L. (2021). Barriers and motivators in LET preparation.

Edcom. (2025). https://www.rappler.com/philippines/teacher-education-curriculum-licensure-exam-content-misalignment-edcom-2-report/?utm_source=chatgpt.com

Garcia, L. M. (2019). Impact of simulated exams on test-taking skills for LET. Philippine Journal of Teacher Education, 14(1), 33–48.

Gomez, R. (2022). Language barriers and comprehension in licensure examinations. International Journal of Educational Research, 18(3), 101–115.

Gonzales, R. (2020). LET content area analysis among Filipino majors.

Hennink, M., & Kaiser, B. N. (2022). Sample sizes for saturation in qualitative research: A systematic review of empirical tests. Social Science & Medicine, 292, 114523. https://doi.org/10.1016/j.socscimed.2021.114523

Knowles, M. S., Holton, E. F., & Swanson, R. A. (2020). The adult learner: The definitive classic in adult education and human resource development (9th ed.). Routledge.

Martinez, C. (2021). Flexible online review programs and LET performance. Online Learning Journal, 9(4), 21–34.

Mateo, A. (2019). Accessibility of LET review programs: A provincial perspective.

Mateo, R. J. (2019). Challenges in the preparation for licensure examinations in the Philippines: Insights from pre-service teachers. Asian Journal of Educational Research.

Mendoza, D. S. (2018). Curriculum alignment and LET outcomes in teacher education. Asia-Pacific Education Review, 19(2), 145–159.

Professional Regulation Commission (PRC). (2024). September 2024 Licensure Examination for Professional Teachers Results. Retrieved from https://www.prc.gov.ph/news

Ramirez, J. (2019). Peer learning strategies and memory retention among education students. Educational Psychology Today, 11(3), 87–95.

Reigeluth, C. M. (2020). Instructional theory and technology for the new paradigm of education. Journal of Instructional Development, 45(3), 251–265. https://doi.org/10.1007/s11251-020-09519-y

Republic of the Philippines. (2013). Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013. https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Republic Act No. 7836. (1994). Philippine Teachers Professionalization Act of 1994. Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/1994/12/16/republic-act-no-7836/

Republic Act No. 9293. (2004). An Act Amending Certain Sections of RA 7836. Retrieved from https://www.officialgazette.gov.ph/2004/07/28/republic-act-no-9293/

Reyes, A. (2020). The impact of active recall and spaced repetition on LET success. Southeast Asian Journal of Educational Psychology, 7(2), 41–55.

Santos, R. V. (2021). Multiple-source study habits and LET success rates. Philippine Journal of Educational Measurement, 5(1), 22–38.

Sarmiento, E. F. (2022). Digital platforms and mobile apps for LET preparation: A quantitative analysis. Journal of eLearning and Education Technology, 10(1), 59–73.

Tarrayo, V. N. (2020). Content validity and construct alignment of teacher licensure examination review materials in the Philippines. Philippine Journal of Educational Measurement, 12(1).

Torres, F. (2021). Revisiting teacher education programs: Bridging curriculum and licensure exams. Education Policy Forum, 16(2), 119–135.

Villanueva, S. (2021). Reading comprehension challenges and LET performance in the Philippines. Journal of Language and Literacy Studies, 8(3), 65–78.